SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 29, 2024, LUNES, IKA-09:20 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.


OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
RELEASED
NAME
DATE 02/15/24
TIME
STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE
RECORDED
14 FEB 2024
Date:
Santa Cruz, Laguna


DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | .... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Rizaldy N Kalaw | | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

**KAPASIYAHAN BLG. 048-T2024**

**KAPASIYAHANG KINIKILALA ANG KAHALAGAHAN AT KATANYAGAN NG BATANGAS LAGUNA TAYABAS BUS COMPANY (BLTB Co.) SA KASAYSAYAN AT KAUNLARAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA BILANG UNANG KUMPANYA NG BUS SA LALAWIGAN NA HANGGANG NGAYON AY NAGBIBIGAY NG SERBISYO SA BAYAN.**

**SAPAGKAT**, tungkulin ng Pamahalaan na palawigin ang kaalaman at tuwirin ang katotohanan ng kasaysayan ng bayan, nasyunal o lokal; bantayan at pangalagaan ang mga kayamanang pangkultura na magpapalakas sa nasyunalismo ng mga mamamayan, pagmamahal sa bayan, paggalang sa alaala ng mga bayani, at pag-ibayuhin ang pagkakaisa sa harap ng pagkakaiba ng gawi, tradisyon, at katutubong wika;

**SAPAGKAT**, ang Batangas Laguna Tayabas Bus Company (BLTB Co.) ay nagbibigay ng kaliwanagan sa nakaraan at kaunlaran ng ating bayan na maaaring isalin sa mga darating pang henerasyon;

**SAPAGKAT**, nasasaad sa Seksyon 14, 15, 16 at 17, Artikulo XIV ng Saligang Batas 1987 na dapat pangasiwaan ng Estado ang pangangalaga, pagpapayaman at makabuluhang ebolusyon ng kulturang Pilipino base sa prinsipyo ng pagkakaisa sa harap ng pagkakaiba sa malayang lipunan;

**SAPAGKAT;** nasasaad sa Batas Republika 10066- National Cultural Heritage Act na dapat protektahan at alagaan ng Pamahalaan ang mga pamana ng lahi, kasaysayan, at katutubong yaman ng lokal na lipunan;

**SAPAGKAT,** isang beterano ng Digmaang Filipino- Amerikano, si Max Blouse, nagtatag ng negosyo sa transportasyon, ang Batangas Transportation Company (BTCo) noong 1918 na ang ruta ng mga sasakyan ng kumpanya ay nagmumula sa mga bayan ng Lalawigan ng Batangas patungong Maynila;

**SAPAGKAT**, noong 1928 ay itinatag naman ni Max Blouse ang Laguna Tayabas Bus Company (LTB) na ang ruta ay nagmumula sa mga bayan ng Lalawigan ng Laguna at Tayabas (ngayon ay Quezon);

**SAPAGKAT,** ang LTB ang unang kumpanya ng bus na nagserbisyo sa Lalawigan ng Laguna;

**SAPAGKAT,** naantala ang serbisyo ng nasabing kumpanya ng bus dahil sa Pangalawang Digmaang Pandaigdig;

**SAPAGKAT,** muling binuhay ang operasyon ng LTB at BTCo noong Mayo 1945 sa ilalim ng "Joint Emergency Operations," na dahil sa pagsusumikap ni Max Blouse ay nakahiram siya ng 28 na Chevrolet mula sa US Army ng bus para sa serbisyo;

**SAPAGKAT,** pinagsama ang BTCo at LTB upang maging isang kumpanya at makilala bilang Batangas Laguna Tayabas Bus Company (BLTBCo) noong 1964;

**SAPAGKAT,** naging pawang mga Pilipino ang naging may-ari ng BLTBCo noong 1988;

**SAPAGKAT,** tumigil ng operasyon ang BLTBCo noong 2003 dahil sa sunog na tumupok sa karamihan ng bus sa istasyon ng BLTBCo sa Malibay, Pasay, at dahil na rin sa suliranin sa pamamahala sa negosyo;

**SAPAGKAT**, ipinagkaloob ang prangkisa ng BLTBCo sa Del Monte Land Transport Bus Company (DLTBCo) noong 2009;

021324 UR

**SAPAGKAT**, ipinagpatuloy ng DLTBCo ang ruta at serbisyo, estilo at disenyo ng BLTBCo, kasama na rito ang pag-akma ng orihinal na kulay sa mga bus at logo ng kumpanya;

**SAPAGKAT**, sa kasalukuyan ay may istasyon ng DLTBCo sa Brgy. Pagsawitan, Santa Cruz, Laguna na patuloy na nagseserbisyo para sa pangmasang transportasyon na laging handang tumulong sa pamahalaan at publiko dahil sa matapat na pagtugon sa "corporate responsibility";

**SAPAGKAT**, sa pakikipag-ugnayan at tulong mula National Historical Commission of the Philippines (NHCP) at Pamahalaang Panlalawigan ng Laguna, ang pamahalaang lokal ng Santa Cruz ay maglalagay ng makasaysayang pananda ( Historical Marker) sa lugar bilang patunay sa kahalagahan nito para sa bayan;

**SAPAGKA'T,** batay sa Kautusang Bayan Blg. 017-T2019, kinikilala ang mga makasaysayan at minanang kultura, kasama ang mga lugar, tao, gamit at pag-aari ng pamahalaan, nakikita man o hindi, na sumasakop sa bayan ng Santa Cruz, Laguna upang magsilbing buhay na kasaysayan sa paglipas ng panahon.

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Mark Anthony M. Juangco (Tagapamuno ng Lupon sa Turismo), na pinangalawahan nina Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Laura P. Obligacion at Kgg. Norman T. Tolentino at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGSIYAHANG:** Kilalanin ang kahalagahan at katanyagan ng Batangas Laguna Tayabas Bus Company (BLTB Co.) sa kasaysayan at kaunlaran ng Santa Cruz, Laguna bilang unang kumpanya ng bus sa lalawigan na hanggang ngayon ay nagbibigay ng serbisyo sa bayan

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Inhinyero, Pambayang Lupon sa Turismo, Kultura at Sining, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, Laguna Provincial, Culture, Arts and Trade Office, National Commission for Culture and the Arts, National Historical Commission of the Philippines, at mga may kinalaman, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 29, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

2/13/24

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan